FILIPINO

**IKATLONG MARKAHAN**
IKALAWANG LINGGO

Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**
Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan (kronolohikal na pagsusunod-sunod) F5PN-IIIb-8.4
**Wikang Binigkas**
Nakabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang salaysay F5PS-IIIb-e-3.1
**Gramatika**
Nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos F5WG-IIIa-c-6
**Pag-unlad ng Talasalitaan**
Napapangkat ang mga salitang magkakaugnay F5PT-III-4.3
**Pag-unawa sa Binasa**
Nasasagot ang mga tanong sa binasang talaarawan F5PB-IIIb-3.3
**Estratehiya sa Pag-aaral**
Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik tungkol sa isang isyu F5EP-IIIb-6
**Pagsulat**
Nakasusulat ng simpleng islogan F5PU-III a-b-2.11
**Panonood**
Nakapag-uulat tungkol sa napanood F5PD-IIIb-g-15

Unang Araw

**I. Layunin**

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan (kronolohikal na pagsusunod-sunod)

**II. A. Paksang Aralin**

Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa tekstong napakinggan (kronolohikal na pagsusunod-sunod)

**B. Sanggunian**

SIM- Self instructional Materials No. 12 – Filipino 5

SIM-Self instructional Materials No. 3 – Filipino 5, p. 7

Filipino Curriculum Guide F5PN-IIIb-8.4

**C. Mga Kagamitan**

SIM, Panulat , Kwaderno

III. Pamamaraan

1. Pagsasanay

   Isulat sa isang malinis na papel ang iyong ginagawa bago pumasok sa paaralan, ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

   1. ______________________________
   2. ______________________________
   3. ______________________________
   4. ______________________________
   5. ______________________________

2. Balik-aral
   Ano ang pang-abay?

3. Mga Gawain

   A. Pagganyak

Basahin ang tula



SAMPAGUITA

Bulaklak na kay puti

Talulot na mumunti

Kaysarap amuyin

Kaysarap haplusin

Di kayang pantayan

Taglay na kagandahan

Sagutan ang mga tanong sa kuwarderno

1. Anong kulay ang sampaguita?
2. Anong uri ng mga talulot mayroon ito?
3. Paano mo malalanghap ang taglay nitong katangian?
4. Bakit di ito kayang mapantayan?

5. Iguhit mo ang sampaguita at kulayan.

B. Paglalahad

Ilahad ang kwento sa mag-aaral. Ipabasa ang kwentong “Ang Tipaklong at Paru-paro” sa Self Instructional Material No. 3 Filipino 5 sa pahina 2.

C. Pagtatalakay

Talakayin ang mga naganap sa kwento sa pamamagitan ng mga sumusunod na katanungan:

1. Kailan mo masasabing may bagyong darating?
2. Ano ang maaaring nangyari kung nagkubli na lamang si Tipaklong?
3. Kung makapal ang katawan ng paruparo, ano kaya ang maaaring mangyari?
4. Bakit nakatulong sa paruparo ang makulay nitong pakpak?
5. Ano ang sinabi ni Tipaklong upang lumakas ang loob ni Paruparo?
6. Ano ang ikinatatakot ng dalawa kaugnay ng sama ng panahon?
7. Patunayang pinahahalagahan ni Paruparo ang ganda ng kalikasan.
8. Paano pinatunayan ng magkaibigan ang pagmamahal nila sa isa’t isa?

D. Pagpapayamang Gawain

Pagyamanin Natin

- Gawin Ninyo

Hatiin sa apat ang klase. Bigyan ng manila paper na nakasulat ang mga sumusunod:

Balikan mo ang mga pangyayari sa kuwento. Subukin mong pagsunudsunurin ang mga ito sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1-6 sa patlang. Sipiin at sagutin ito sa iyong sagutang papel.

_______ Patuloy na pag-ihip ng malakas na hangin.
_______ Sabay na lumapit sa bulaklak ang magkaibigang paruparo at tipaklong.
_______ May bagyo nang umagang iyon. Malakas ang ulan at hangin. Ang mga puno, maging ang mga halaman at bulaklak ay nagsasayawan.
_______ Nagtago sa ilalim bulaklak ang paruparo at binantayan siya ni Tipaklong.
_______ Lumabas si Tipaklong sa pinagtataguang kahoy.
_______ Nadarama ang lamig ng hangin, naaamoy ang halimuyak ng mga nababasang bulaklak. Nahawakan ang dulas ng mga dahon at halaman.

- Gawin Mo

Iparinig ang kwentong “Pistang Bayan” na nasa MISOSA  5, pinamagatang Wastong Pagkakasunod-sunod ng Pangyayari

Ayon sa isinasaad ng mga pangyayari sa kuwentong binasa, ayusin ang mga ito ayon sa wastong pagkakasunud-sunod. Isulat sa sagutang kuwaderno.

_______ sumasama sa prusisyon
_______ naglilinis ng tahanan
_______ masayang nagsisimba
_______ naglalagay ng dekorasyon
_______ nagkukuwenta ng pinagkagastusan
______  nagpapatay ng hayop

E. Paglalahat

Ang pagsunod-sunod sa mga pangayayari ay nakabase sa kwentong napakinggan at ayon sa pagkakaganap ng bawat sitwasyon.

F. Paglalapat

Isulat sa isang papel ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa pagluluto ng kanin.

IV. Pagtataya

**‘Bordi’ Geocadin**
**Kidney, Bago na**

Tagumpay ang isinasagawang operasyon ng mga dalubhasang doktor sa National Kidney Institute kay Bryan “Bordi” Geocadin, ang 12-anyos na batang nagkaroon ng di-pangkaraniwang sakit sa bato.

Ayon kay NKI Executive Director Filoteo Alano, ang matagumpay na operasyon kay Bordi ay bunga na rin ng ipinamalas na determinasyon ng bata na malagpasan ang kanyang karamdaman.

“Humanga kami sa kanyang ipinakitang lakas ng loob sa halos limang oras na operasyon upang palitan ang kanyang bato na may misteryosong depekto ,” sabi pa ni Alano.

Sinabi naman ni Dr. Enrique Una, kabilang sa walo kataong dalubhasang doktor na umopera kay Bordi, bagaman hindi magkatugma ang ipinalit na bato sa katawan ng bata, tiniyak nila na ang batong nanggaling sa ama nitong si Brydon ay “aayon” sa sistema ng katawan ni Bordi.

“Malaki ang aming paniniwala na pagkatapos ng dalawang

linggong obserbasyon, ang bagong bato sa katawan ni Bordi ay sasang-ayon sa kanyang katawan," wika ni Dr. Una.
Sa ngayon, ang bata ay nasa recovery room na ng ospital at umaasa sa kanyang tuluyang paggaling.
Umaasa rin si Bordi na paggaling niya ay makalaro ang kanyang paboritong child actor na si Vandolph, ang anak ng pamosong komedyanteng si Dolphy at aktres na si Alma Moreno.
"Sana, dumalaw rito si Vandolph para kami ay makapaglaro at makapagkuwentuhan at pagkatapos ay magkasalo kaming kakain ng alimango, sugpo at bagoong," pabulong na hiling ni Bordi sa kanyang tiyahing si Honey Geocadin Vidal.
Samantala, taos-pusong pinasalamatan ni Bordi at ng buong pamilya Geocadin ang mga taong nagmamalasakit sa bata para malagpasan nito ang krisis na naganap sa kanyang buhay.

Jane Eleda – Mahla

Humango ako ng mga pangyayari sa binasa mong kuwento. Hindi ito naaayon sa tamang pagkakasunud-sunod. Isa-isahin mong itala ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Muli itong isulat sa sagutang papel.

______1. Pinasalamatan ni Bordi at ng kanyang pamilya ang mga taong nagmamalasakit sa kanya.
______2. Sa ngayon ang bata ay nasa recovery room at nagpapagaling.
______3. Tagumpay ang isinagawang operasyon ng mga dalubhasang doktor ng National Kidney Institute kay Bordi.
______4. Humanga sa katatagan ng loob ni Bordi si Director Filoteo Alano.
______5. Umaasa si Bordi na paggaling niya ay makakalaro niya ang paboritong actor na si Vandolph.

V. Takdang Aralin

Basahin at sagutan ang Subukin Mo sa pahina 5 ng Self-Instructional Materials No. 12.

## Ikalawang Araw

**I. Layunin**

Nakabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang salaysay.
Nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos.

**II. A. Paksang Aralin**

Pagbuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang salaysay.
Paggamit ng pang-abay sa paglalarawan ng kilos.

**B. Sanggunian**

Hiyas sa Pagbasa V pahina 30-32

MISOSA - Gamit ng pang-uri at pang-abay/

Iisang baybay magkaibang bigkas at kahulugan

Filipino Curriculum Guide F5PS-IIIb-a- 3.1 at F5WG-IIIa-c-6

**C. Mga Kagamitan**

SIM, Panulat , Kwaderno, Manila Paper, Permanent Marker

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

   Basahin ang kwentong “Ano Ba Ang Cholesterol? “ isang usapan sa Hiyas sa Pagbasa 5 pahina 30 at sagutan ang mga katanungan sa Unawain at Sagutin sa pahina 32.

2. Balik-aral

   Ano ang mahahalagang impormasyon ang kailangan malaman sa pagsusunod sunod ng pangyayari sa isang tekstong napakinggan?

3. Mga Gawain

   A. Paglalahad

      Ipabasa ang kwentong “Pista sa Barangay” na makikita sa pahina 2 ng MISOSA

   B. Pagtatalakay

      Pagkatapos basahin ng mga mag-aaral. Pasagutan ang 1-3 tanong na makikita sa pahina 3 ng MISOSA.

   C. Pagpapayamang Gawain

   Pagyamanin Natin

   - Gawin Ninyo

1. Hatiin sa klase sa apat na pangkat. Bumuo ng limang tanong base sa kwentong nabasa na pinamagatang “Pista sa Barangay” sa pahina 2 ng MISOSA.

    - Gawin Mo

2. Ipabasa ang usapan nila Roy, Deng at Jose sa pahina 5 ng MISOSA. Sipiin ang mga ginamit na pang-abay sa usapan.

D. Paglalahat

Ipakita ang talahanayan na makikita sa pahina 5 ng MISOSA tungkol sa pang-abay. Ipabasa sa mga mag-aaral ang talahanayan.

E. Paglalapat

Ngayon, basahin mo ang mga sumusunod na pangungusap na makikita sa pahina 6 ng MISOSA. Isulat mo ang mga pang-abay na makikita sa bawat pangungusap.

**IV. Pagtataya**

Sumulat ng limang halimbawa ng pag-abay.

**V. Takdang Aralin**

Pumili ng kwento sa Hiyas sa Pagbasa V. Gamitin ang mga halimbawa ng pag-abay na isinulat sa pagbuo ng mga tanong tungkol sa kwentong nabasa.

## Ikatlong Araw

**I. Layunin**

Napapangkat ang mga salitang magkakaugnay.
Nasasagot ang mga tanong sa binasang talaarawan.

**II. A. Paksang Aralin**

Pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay.
Pagsagot sa mga tanong sa binasang talaarawan.

**B. Sanggunian**

school.quipper.com

Filipino Curriculum Guide F5PT-IIIb-4.3 at F5PB-IIIb-3.3

**C. Mga Kagamitan**

Panulat , Kwaderno

## III. Pamamaraan

1. Pagsasanay

   Tukuyin ang dalawang salitang magkaugnay na ginamit sa pangungusap.

   Ang Pangulo ay itinuturing na pinakamataas na pinuno ng isang bansa batay sa isinasaad ng Saligang Batas ng isang pamahalaan.

2. Balik-aral

   Ano ang pang-abay? Paano gumawa ng mga tanong base sa salaysay na napakinggan?

3. Mga Gawain

   A. Paglalahad

      Ilahad ang isang talaarawan. Ipasuri sa mga mag-aaral.

   B. Pagtatalakay

      a. Anu-ano ang mga makikita natin na detalye sa talaarawan?
      b. Sino ang gumagawa ng talaarawan?
      c. Bakit tayo sumusulat ng talaarawan?

   C. Pagpapayamang Gawain

Pagyamanin Natin

- Gawin Ninyo

Basahin ang halimbawa ng talaarawan na inilahad ng guro at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

- Gawin Mo

Tukuyin ang uri, antas, o pangkat na kinabibilangan ng mga salitang magkakaugnay sa pangungusap.

D. Paglalahat

Ang talaarawan ay kalipunan ng mga bugto-bugtong o baha-bahaging sulatin na nakasulat at nakaayos sa sunod-sunod na petsa o araw.

E. Paglalapat

Sumulat ng isang halimbawa ng talaarawan.

**IV. Pagtataya**

Isulat ang mga pangyayari ng nakalipas na isang linggo sa pamamagitan o halintulad ng isang talaarawan.

**V. Takdang Aralin**

Magsulat sa kwaderno ng limang halimabawa ng magkakaugnay na salita.

## Ikaapat na Araw

**I. Layunin**

Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik tungkol sa isyu.

Nakasusulat ng simpleng slogan.

**II. A. Paksang Aralin**

Paggamit ng pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik tungkol sa isyu
Pagsulat ng simpleng slogan.

**B. Sanggunian**

Filipino Curriculum Guide F5EP-IIIb-6 at F5PU-III a-b-2.11

Pagdiriwang sa Wikang Filipino, Batayang Aklat sa Pagbasa pah. 19

https://tl.wikipedia.org/wiki/Islogan

**C. Mga Kagamitan**

Panulat , Kwaderno, Cartolina, Mga iba't ibang sanggunian

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

   Magkaroon ng pagbabaybay ng sampung salita, padikta itong ibigay sa mga bata.

2. Balik-aral

   Ano ang Talaarawan?

3. Mga Gawain

   A. Paglalahad

      Hatiin sa apat ang klase. Bigyan sila ng mga puzzle upang makabuo ng isang islogan.

   B. Pagtatalakay

      - Ipabasa sa mga grupo ng mag-aaral ang nabuo nilang islogan.
      a. Anu-anong mga grupo ng salita ang inyong nabuo?
      b. Ano ang tawag sa mga nabuo ninyong salita?

   C. Pagpapayamang Gawain

   Pagyamanin Natin

   - Gawin Ninyo

   Itambal ang hanay A sa hanay B.

A.

1. Pinagkukunan ng kahulugan, baybay o ispeling, pagpapantig, bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita, pinanggalingan ng salita, at nakaayos ito nang paalpabeto.

2. Set ng mga aklat na nagtataglay ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay at mga artikulo tungkol sa katotohanan.

3. Aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansya at lokasyon ng lugar. Ipinakikita rito ang mga anyong- lupa at anyong tubig na matatagpuan sa isang lugar. Ito ay nakayos ayon sa pulitika, rehiyon o estado.

4. Aklat na nagtataglay ng pinakahuling impormasyon tungkol sa mga punto ng kawilihan, mga pangyayari sa isang bansa, palakasan, relihiyon, pulitika at iba pa.

5. Teknolohiyang maaring pagkunan ng impormasyon gamit ang kompyuter, tablet o piling telepono.

6. Isang palapad na drowing ng mundo o ng bahagi nito.

7. Isang maliit na replika ng mundo.

B

a. Ensayklopedya
b. Diksyunaryo
c. Almanac
d. Atlas
e. Internet
f. Mapa
g. Globo

- Gawin Mo

1. Ano ang mga mahahalagang impormasyon na makikita natin sa mga sumusunod na sanggunian:

    a. Ensayklopedya
    b. Diksyunaryo
    c. Almanac
    d. Atlas
    e. Internet
    f. Mapa
    g. Globo

D. Paglalahat

Ang mga diksyunaryo, ensayklopedya, almanac, atlas, internet, mapa at globo ay mga halimbawa ng pangkalahatang sanggunian na kinukuhanan natin ng mga impormasyon.

Ang islogan ay isang kasabihan o motto ng isang kompanya o ng mga aktibista na madali maalaala.

E. Paglalapat

Sumulat ng isang halimbawa ng islogan tungkol sa pagsagip sa Inang Kalikasan.

**VI. Pagtataya**

Isulat sa isang papel ang iba't ibang halimbawa ng sanggunian.

**VII. Takdang Aralin**

Ipagpatuloy ang paggawa ng islogan sa inyong mga tahanan.

## Ikalimang Araw

**I. Layunin**

Nakapag-uulat tungkol sa napanood.

Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa.

**II. A. Paksang Aralin**

Paguulat tungkol sa napanood.
Pagpapamalas sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa.

**B. Sanggunian**

Filipino Curriculum Guide F5PD-IIIb-g-15 at F5PL-Oa-j-3

**C. Mga Kagamitan**

Panulat , Kwaderno,

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

Magkaroon ng pagbabaybay ng sampung salita, padikta itong ibigay sa mga bata.

2. Balik-aral

Magbigay ng isang halimbawa ng pangkalahatang sanggunian?

3. Mga Gawain

A. Paglalahad

Ipanood sa mga mag-aaral ang pelikulang “Jose Rizal” na pinagbidahan ni Cesar Montano.

B. Pagtatalakay

Anu-ano ang mga kaganapan sa pelikulang napanood?

C. Pagpapayamang Gawain

Pagyamanin Natin

- Gawin Ninyo

Hatiin sa apat ang klase bigyan ng manila paper at ipasulat ang mga kaganapan na nangyari sa pelikulang napanood.

- Gawin Mo

Basahin ang kwentong “Ang Magkatuwang” sa pah. 133 ng Pagdiriwang sa Wikang Filipino V, Batayang Aklat sa Pagbasa. Sagutin ang mga katanungan sa pahina 136 ng nasabing aklat.

D. Paglalahat

Paano natin maipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa.?

E. Paglalapat

Ano ang gagawin mo sa sumusunod na mga sitwasyon?

1. Bayaaran ng buwis. Narinig mong nag-uusap ang iyong tatay at nanay na tila hindi makababayad dahil ang perang naitago ay reserba nila para sa iyong kaarawan.
2. Nagdaan ka sa isang umpukan. Nagtatalo sila at narining mong may nagsabing dapat i-boycott ang pagbabayad ng buwis dahil wala naman sialng nakukuhang tulong sa pamahalaan.
3. Sinamahan moa ng iyong nanay sa isang ospital na pampubliko upang magpagamt. Napansin mong sigaw nang sigaw sa pasyenteng naroon ang isang empleyado ng ospital.

## IV. Pagtataya

Pag-uulat ng mga isinulat sa manila paper tungkol sa pelikulang “Jose Rizal”.